



Ang  
*Taal Heritage Commission*  
at ang  
*Angkan ng mga OROSA*  
ay malugod kayong inaanyayahan sa paglulunsad ng  
*"Family in Focus"*  
itinatampok ang  
*Bayani ng Bayan ~ Agaton Orosa*

Sabado, Abril 30, 1994  
ika-9 ng umaga  
Taal Cultural Center (Escuela Pia)

*Halina at dumalo!*

RSVP  
Maritess - 883356  
Tonette - 8170233

Kasuotan:  
Filipino

**"Family in Focus"**  
**Abril 30, 1994**  
**Taal, Batangas**



**Angkan ni**  
**AGATON OROSA**

## ISANG SULYAP SA BUHAY NI AGATON OROSA

Una sa lahat, mula sa angkan ng mga Orosa ay aming ipinaabot ang taos pusong pasasalamat sa Taal Heritage Commission sa pagbubuhay sa ala-ala at paghigay-dangal sa aming kinagigiliwang patriarka, si Agaton Orosa.

Sino nga baga siya? Siya ang "Tatang Aton" ng mga tagabayan at "Mamay Aton" ng mga taganayon. Nahalal siyang alkalde o mayor, na kung turingan noon ay Presidente Munisipal noong taong 1934 hanggang 1937. Malawak pa ang nasasakupan ng buyang Taal nang panahong iyon – bahagi pa nito ang Sta. Teresita, San Luis at San Nicolas.

Mula sa aking mga nakapanayam na nakasaksi sa pamumuno ng Lolo Aton, ang kanya raw na pamamalakad sa bayan ay simple, subalit tigib ng katapatan at tunay na pagmamalasakit sa kanyang mga kababayan. Sa mga taon ng kanyang pamumuno ay walang malubhang suliraning dinanas ang Taal. Napairal niya ang disiplina, nasupil ang magugulo at masasamang-loob, at sa gayon, ang Taal ay matahimik at mapayapa. Naging gabay niya sa panunungkulan, una ang Panginoong Diyos, ang malinis na konsensiya, makatarungang paninindigan at tapat na pagdamay at pagkalinga sa kapwa.

Palibhasa'y suliranin noon ang pangkabuhayan at dama niya ang kagipitan at kahirapan ng taong bayan, inuna niyang inihanap ito ng lunas. Pinasigla sa mga nayon ang kani-kanilang industriya at dalubhasang kaalaman na pagkakakitaan tulad ng pag-gawa ng mga laseta at pagbuburda sa Balisong, paggawa ng gulok at iba pang patalim sa Pandayan, pagsasawali sa Mahabang Lodi, pagpapanatna sa Seiran, pamumukot at pagbabaklad ng isdang loob sa Pansipit at San Nicolas, at iba pa. Inanyayahan din niya na dumayo dito sa Taal ang tanyag na Maria Orosa at

mga kasamahan sa Bureau of Plant Industry upang turuan ang mga kababaihan ng iba't-ibang gawaing pagkakakitaan. Nang nailagay niya sa ayos ang mga mangangalakal sa ating baraka o palengke, unti-unting nakadama ng pag-unlad ang bayan.

Palibhasa ang Lolo Aton ay sadyang malinis, ang kalinisan ng bawat pook at sulok ay pinag-ukulan niya ng panahon at ito ay ipinabahala sa ilang pryon na suwelduhan sa munisipyo; samantala, ang tenyente naman ang pinangasiwa sa mga baryo. Sinikap din niyang mapangalagaan ang mga planta ng ilaw at tubig, kaya ito ay hindi naging suliranin noon.

Samakatuwid, ang pamamalakad ng Lolo Aton, kahit sa loob ng maikling panahon na tatlong taon, ay nakalikha ng malinis, tahimik at mapayapa, masagana at maginhawang kalagayan. Kami'y natutuwa na may isang kalyeng ipinangalang "Agaton Orosa" bilang paalala sa kanya. Huwag sana itong mabawi sa mga darating na panahon.

Natapos ang taning niya sa panunungkulan at minarapat niyang lisanin ang pelitika dahil hindi na niya makayanan ang nahaharap na malaking guguguhin sa balalan. Namuhunan na siya ng dalawang talo at sa ikatlo lamang siya nagtagumpay. Sa madaling sabi, kapos na siya sa gagastahin para sa eleksyon.

Nang hindi na siya punong-bayan, siya'y lumagay na lamang sa likuran, bagamat naging takbuhan pa rin siya ng mga nanunungkulan at mga karaniwang mamamayan.

Dumating ang panahon ng tag-Hapon. Ang bansang Pilipinas ay dumanas ng katakot-takot na hirap sa kanay ng mga bagong manariakop.

Maraming panganib ang nakatutok noon sa ating Alkalde Fernando Barrion, kaya maingat siyang inalalayan ng Lolo Aton. Nangamba ang matanda na baka ang batang-bata at butihing alkalde ay mapahamak, gayong marami pa itong kabutihang magagarwa sa bayan. Buong kabayanihan, iniwas ni Lolo Aton si Alkalde Barrion sa mga panganib, kahit mataya ang sariling buhay. Siya ang humaharap at nakikipag-ugnayan sa maliligalig na Hapong militar at mga guerilla. At nang isa sa mga kilalang kababayan natin ay pahirapan ng mga Hapon sa Payapa, siya ang namagitan upang palayain ang kababayang nasambit. Samakatuwid, si Lolo Aton ang "frontliner". Dahil maraiil sa kanyang edad at diplomasya, madali niyang nahuhuli ang simpatiya ng kalaban para sa kapakanan ng bayan.

Noong sumapit ang panahong kritikal na ang kalagayan at walang awang pumapatay na ng maraming tao ang mga aboridong Hapon, kinailangan umalis sa Taal at lumayo. Pansamantalang inilikas niya ang kanyang angkan sa San Nicolas na noo'y baryo pa lamang, at doon ay kinupkop sila ng kanyang mga butihing kumpare at mga kaibigan. Sapagkat hindi niya matiis na iwanan ang kanyang mga kababayan, inakit niya ang mga pamilyang walang mapuntahan na sumama sa isang "exodus" patungong Alfonso, Cavite, na kinaroroonan ng kanyang kapatid na Paulino Orosa. Mahigit na animnapung tao ang kanyang nailikas papuntang Alfonso at sa kanilang paglalakad sa mga bundok ay nanganib sila sa mga "snipers" na Hapon. Pagdating nila sa Alfonso, buong pusong tinanggap sila ni Paulino. Ang ilan sa mga "evacuees" ay pinatuloy sa iba't-ibang tahanan na kusang nagbukas ng kanilang mga pintuan at ang iba naman ay sa mga gusali ng paaralan.

Nang tumahimik at makabalik na sila sa Taal, kinilala ang kabayanihang ito ng Lolo Aton ni Presidente Sergio Osmena Sr. at siya ay nahirang na alkalde. Subalit ito ay kanyang tinanggihan, dala ng kanyang katandaan. Hindi na niya kakayarin

pang manungkulan; sa halip, kanyang iminungkahi si Huwes Juan K. Solis sa pagkapunong-bayan.

Umabot ang Lolo Aton sa gulang na 78 at noong ika-26 ng Agosto, 1950, siya'y pumanaw sa sakit na cancer. Hanggang kamatayan, nanatili siyang simple at pangkaraniwan. Sa kanyang kababaang-loob, hindi niya ikinatuwa ang matawag na "Don Agaton." Ang kanyang tanging kayamanan at habilin sa angkan ay mga ginintuang aral na ipinagdiinan noong siya'y nabubuhay.

Ika nga sa Bibliya, Ecc. 44, Verso 11,

"Patuloy na mamanahin ng kanilang mga inapo  
Ang kanilang magandang pangalan,  
At ito ang kanilang magiging mahalagang kayamanan."

Nais ko sanang ibahagi sa inyo ang ilan sa mga aral na ito.

#### *Sa pagdamay*

"Kung may maitutulong sa kapwa,  
Huwag hintaying lapitan;  
Bagkus, tumulong ng kusa."

#### *At sa panumuno (leadership)*

"Mahirap mangibabaw ang taong di marunong yumuko."

Kulang pa ang talambuhay niya kung hindi ko isasalaysay ng sandali ang kanyang simulain at makulay na bahagi ng buhay pangsarili. Si Agaton Orosa ay ipinanganak sa Taal noong ika-28 ng Marso, 1872, sa mag-asawang Basilio Orosa at Maria Buño.

Nais kong isingit dito na ang lahat na Orosa ay pinag-ugatan dito sa ating bayang Taal. Si Basilio Orosa, na ama ni Agaton, ay kapatid ni Guillermo na ninuno ng sangang Orosa na taga-Bauan, Batangas. Si Guillermo, na tubong Taal, ay ama ni Simplicio at ito'y napangasawa ni Juliana Ilagan (mas kilala na "Nanay Kanang") at ang mga anak ay sina: Simplicia, Vicente, Maria, Sixto Sr., Felisa, Jose, Nicolas, at Rafael.

Lumaki ang Lolo Aton sa tahananang nakatirik pa ngayon sa plasa -- isa sa bahay na tatlong palapag, ngayo'y pag-aari at tinitirhan ni Gng. Engracia Calanog at kanyang pamilya. Ang mga kapatid ni Agaton ay: Pio asawa ni Maria Ilagan, Genoveva asawa ni Urbano Punzalan, Olimpia nabalo kay Mariano Salazar bago napangasawa ni Gregorio Martinez, Isabel asawa ni Pablo Aseron, at Paulino asawa ni Antonia Angeles.

Hindi nalulubos sa tao ang kagalingan, kaya may haspi din si Agaton ng kahunaan na nagbigay kulay sa kanyang buhay pangsarili (private life). Palibhasa'y likas na romantiko, ang naging hilig niya ay "chicks," kaya ang masimpatiyahang babae ay napapaibig. Naging kapalaran niya ang makipag-isang-dibdib na apat na beses -- lahat ay legal -- at apat na beses din siyang nabalo. Ang unang asawa ay si Josefa Marella na dating balo ni Isabelo Villavicencio; ang ikalawa ay si Emeteria Sison, dalaga; ang ikatlo'y dalaga din, si Josefa Sison, kapatid ni Emeteria, at ang ikaapat ay si Estanislawa Morales, dating balo ni Isidro Clarin.

Sa bawat isa'y nagkasupling: sa una, si Sofia asawa ni Jose Macatangay, Vicente asawa ni Rufina Banaag, Mariano nabalo muna kay Irene Gonzales bago napangasawa si Gloria Punzalan; sa ikalawa, Rita balo ni Ireneo Romey, Ella balo ni Arsenio Raquel Santos; sa ikatlo, Evaristo asawa ni Roseni Henson, Roberto

namatay na binata; sa ikaapat, Elma asawa ni Jesus Paraiso. Sa kasalukuyan ang buhay at malakas pa ay si Rita, Ella, Evaristo at Elma.

Ang mga balong naging asawa ng Lolo Aton (sa una at huli) ay may mga anak sa kanilang kinabaluhan. Natural lamang na sa simula ang angka'y magkagulo, mag-awayan at magpanibughuan. Ngunit nangibabaw ang pagkaliderato ng matanda. Sa tulong ng disiplina, ng katarungan at tapat na pagmamahal, naging mapayapa, masaya at makulay ang pagsasamahan ng buong angkan.

Itong kaunting sulyap natin sa buhay ni Agaton Orosa ay nagpapatunay sa angkan man lamang (at sa ibang sumasangayon) na siya'y nararapat itanghal na Bayani -- kahit hindi siya humawak ng anumang sandata, kahit hindi siya nakipaghamok o nakipagsagupaan sa kalaban -- bagkus, dahil sa matinding damdaming makabayan at pagkalinga sa kapwa na ipinahayag sa mapayapa at marangal na pamamaraan, dahil sa kanyang kagitingan at kusang pag-alay ng sariling buhay sa mga panahon ng kagipitan, dahil sa magandang diwa ng kanyang pagkatao.

Hindi nga siya nagkamit ng mga medalya; hindi nga natanyag ang kanyang pangalan; bagkus, nanatili na lamang siyang "unsung hero" at tuluyang nailibing sa limot. Subalit sa araw na ito, binubuhay naming muli ang kanyang alaala, dinadakila ang kanyang pagkatao at pinararangalan ang mga kabutihang nagawa sa angkan, sa kapwa at sa bayan. Tunay ngang siya'y "A Man for Others," at "A Man for All Seasons."

**MABUHAY SI AGATON OROSA!!!**

Sa pamamayani ng poot at gahis  
Inakay ang bayang umiwas sa bagsik,  
Ngunit pagkaraang ang sigwa'y umalis,  
Payapang namuhay sa sariling langit  
Waring binabakas sa isang daigdig  
Ang yaman ng danas sa mga pag-ibig.  
Payapang sumilang, payapang pumanhik.  
Sinusuob ngayon ng puri't kamanyang  
Ang isang payapa at bayaning buhay  
Si Mamay Agaton, Taalenyong lantay  
Na pagkabarako'y sa mabuting buhay  
Malinis na puso, pangalang makinang  
Dangal pagkatao't dangal ng pangalan  
Ang punlang himagsik na kanyang iniwan  
Moog na mistulang sariling sandigan  
Agaton Orosa, tatang, aming mamay  
Isang Pilipino na pagpupugayan.

Katha at binigkas ni  
**DOMINGO G. LANDICHO**  
Taal, Batangas  
Abril 30, 1994